# Mekaniko

Trabaho sa pag-inspeksyon, pag-serbisyo at pagkukumpuni ng mga sasakyan.



## Gawain ng mekaniko

### Benepisyo ng pagiging mekaniko

Kapag maayos ang pag-serbisyo at pagkukumpuni ng sasakyan, ang mekaniko ay nakakatulong sa pagprotekta sa buhay ng mga motorista at nakakatulong din sa kaligtasan sa daan.
Ang isang sasakyan ay kinukumpuni lamang ng isang mekaniko kaya matatanto niya ang kanyang kaalamang pang-teknikal at maging ang kanyang pananagutan.
Bukod dito, deretso rin nyang maririnig ang pasasalamat ng mga kustomer.


### Mga taong angkop maging mekaniko

Mga taong mahilig magkumpuni ng sasakyan at makina.
Mga taong mahilig sa kompyuter at kagamitan na de-kuryente.

### Paano maging isang mekaniko

Ang mga mekaniko ay may pambansang sertipikasyon.

①Pagkatapos magtrabaho sa pagawaan ng mga sasakyan ng 1 taon, maaaring kumuha ng eksam para sa ika-3 na nibel na sertipikasyon sa pagkukumpuni ng sasakyan.
②Pumasok sa paaralan ng pagkukumpuni ng sasakyan para makakuha ng sertipikasyon.



Pag-inspeksyon sa ilalim ng sasakyan



Pagsusuri gamit ang kompyuter

Pinagmulan: MLITT

## Panayam kay Ginoong Kōji Nitta ng Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Jidōshaseibi Shinkō-kai




### Ano ba ang sertipikasyon ng mekaniko?

Ika-3 na Nibel na Mekaniko ▶ Ikalawang Nibel na Mekaniko ▶ Unang Nibel na Mekaniko
Kapag may ikalawang nibel na sertipikasyon, maaaring magtayo ng sariling talyer.

### Mahirap ba ang pisikal na trabaho?

Kailangan ng lakas at madalas nakatayo sa trabaho. Ngunit maging ang pagkukumpuni ng mga sasakyan ay gumagamit na ng teknolohiya. Pangkaraniwan na ang paggamit ng tablet sa pag-aayos ng sistema sa mga sasakyan.

### Ano ba ang maaari kong gawin sa ngayon?

Kahit madalas mag-isang nagkukumpuni ng sasakyan sa oras ng trabaho, mayroong pakikisalamuha sa mga kustomer kaya pagbutihin ang iyong kakayahan sa pakikipag-usap sa kapwa.




Kapag nakakuha ng karanasan at nakaipon ng kaalaman sa pagkukumpuni, madali mong matuklasan ng mag-isa kung ano ang problema ng sasakyan. Ikaw ay isang bayani para sa motorista na biglang nasiraan sa daan kapag naayos mo agad ang kanyang sasakyan. Maaari mong gamitin ang sertipikasyon ng mekaniko sa alinmang lugar sa bansa dahil ito ay isang pambansang sertipikasyon. Ang trabahong ito ay mahalaga maging sa ibang bansa dahil laganap ang paggamit ng sasakyan sa buong mundo. Subukan mong maging mekaniko kung nais mong makapagtrabaho sa alinmang lugar sa buong mundo o mahilig kang magkumpuni at magpaganda ng mga lumang sasakyan.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Jidōshaseibi Shinkō-kai

Tel 054-263-0123